**from the UPPER ROOM**

# Himala sa Kulungan



## WARM-UP

- Balikan ang isang mapanghamong sitwasyon na hindi mo malampasan. Ano ang ginawa mo para makapagpatuloy?
- May pagkakataon bang napagsabihan ka tungkol sa isang bagay na nasabi o nagawa mo? Ano ang naging reaksyon mo?
- Ano ang isang bagay na hindi mo mapigilang pag-usapan? Bakit ka naniniwala rito o bakit gustung-gusto mo ito?

## WORD

*"Ngunit pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya kayo ng kapangyarihan. At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo."* **MGA GAWA 1:8**

*17 Labis na nainggit ang punong pari at ang mga kasama niyang miyembro ng grupong Saduceo. 18 Kaya dinakip nila ang mga apostol at ikinulong.* **MGA GAWA 5:17–18**

(Basahin din ang **MGA GAWA 5:19–32.**)

Pagkatapos puspusin at bigyan ng Banal na Espiritu ng kapangyarihan ang mga apostol at disipulo, naipangaral ang ebanghelyo, naisagawa ang mga himala, at mabilis na lumago ang iglesya. Gayunpaman, hindi nawala ang mga oposisyon at pagsubok. Humarap ang mga apostol sa pag-uusig mula sa mga pinuno ng relihiyon noong panahong iyon at sila ay ipinakulong dahil sa pagkainggit ng mga ito. Ngunit hindi mapipigilan ang salita ng Diyos, kahit sa mga mahihirap na sitwasyon. Ngayon, tingnan natin kung paano binuksan ng mahimalang pamamagitan ng Diyos ang pinto para lumaganap ang ebanghelyo sa iba pang bahagi ng Jerusalem.

## 1 Isang anghel ang nagpalaya sa mga apostol matapos silang ipakulong dahil sa pangangaral ng ebanghelyo.

*[19]Pero kinagabihan, binuksan ng anghel ng Panginoon ang pintuan ng bilangguan at pinalabas sila. Sinabi ng anghel sa kanila, [20]"Pumunta kayo sa templo at turuan ninyo ang mga tao tungkol sa bagong buhay na ibinibigay ng Diyos."*

**MGA GAWA 5:19–20**

Nang marinig ng punong pari na maraming taong may sakit ang napapagaling sa pangalan ni Jesus, napuno siya ng inggit at ipinadakip niya ang mga apostol. Tila wala nang pag-asa ang sitwasyong ito para sa mga mananampalataya. Ngunit ginamit ito ng Diyos sa Kanyang panig at nagpadala Siya ng isang anghel upang buksan ang mga pinto ng kulungan at palayain ang mga apostol. Ang himalang ito ay naging makapangyarihang patotoo para sa mga apostol at nagtulak sa kanila para ipagpatuloy ang pagpapahayag tungkol kay Jesus sa iba. Sa tingin mo, ano ang magiging reaksyon mo kung ikaw ay ipapakulong dahil naniwala ka kay Jesus? Paano naman kung nakaranas ka ng himala?

## 2 Hindi napigilan ang mga apostol na mangaral muli nang sumunod na araw.

*[21]Sinunod nila ang sinabi ng anghel. Pagsikat ng araw, pumasok sila sa templo at nagturo sa mga tao. . . . [25]Nang bandang huli, may taong dumating at nagbalita, "Ang mga taong ikinulong ninyo ay naroon na sa templo at nagtuturo sa mga tao."*

**MGA GAWA 5:21, 25**

Nang atasan ng anghel ang mga apostol na mangaral tungkol kay Jesus sa templo, ito agad ang una nilang ginawa kinaumagahan. Kahit kakatapos lang nilang harapin ang pag-uusig at pagkakulong, pinalakas sila ng Panginoon upang agad nilang maipahayag muli ang Kanyang salita. Ito ang unang pagkakataong nakatala sa aklat ng Mga Gawa na nangaral ang mga apostol sa madla sa loob ng templo, dahil noong una, sa mga baitang ng templo at sa tahanan ng mga tao

sila nangangaral. Ano ang sinasabi ng naging reaksyon ni Pedro sa Mga Gawa 5:29 tungkol sa awtoridad na kailangang panghawakan natin kapag tayo ay nalagay sa sitwasyong katulad ng hinarap ni Pedro?

## 3 Pinuno nila ang Jerusalem ng kanilang pagtuturo at dumami ng husto ang mga disipulo sa Jerusalem.

*Kaya patuloy na kumalat ang salita ng Diyos. Marami pang mga taga-Jerusalem ang naging tagasunod ni Jesus, at marami ring pari ang sumampalataya sa kanya.* **MGA GAWA 6:7**

Sa kabila ng naunang pangamba ng mga pari, hindi tumigil ang mga apostol sa pangangaral ng ebanghelyo. Sa malaking pagtitipon man sa templo o sa maliit na pagtitipon ng pamilya sa bahay, patuloy silang nagsama-sama at nagsalita tungkol sa nagliligtas na gawa ni Jesus. Lumago ang iglesya sa buong Jerusalem na kahit ang ibang pari ay *sumampalataya sa Kanya*. Mula sa pang-uusig sa mga apostol hanggang sa pagpapahayag ng ebanghelyo, sila rin ay naging saksi sa mga tao sa paligid nila. Ito ay katuparan ng pangako ni Jesus na ang Kanyang pangalan ay makikilala ng iba't ibang uri ng tao. Sa tingin mo, bakit nagpatuloy ang sinaunang iglesya sa pangangaral ng ebanghelyo sa kabila ng mga panganib at pagsubok na kinaharap nila? Ano ang mga pagsubok na hinaharap natin bilang isang iglesya sa panahon ngayon at paano tayo matututo sa halimbawang ipinakita ng sinaunang iglesya?

## APPLICATION

- Pinalakas ni Jesus ang loob ng Kanyang mga disipulo upang sila'y maging matapang sa gitna ng mga paghihirap (Juan 16:33). Ano ang larawan ng pang-uusig sa iyong komunidad at mundo? Ano ang nagiging reaksyon mo dito?
- Ano ang mga posibleng pagsubok na kakaharapin natin sa pangangaral ng ebanghelyo? Sa tingin mo, paano malalampasan ang mga pagsubok na ito?
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na nagdududa sa ebanghelyo ngunit kailangang makarinig nito? Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang ikaw ay maging saksi Niya sa kanila ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos na hindi napipigilan ang pagpapahayag ng ebanghelyo hanggang sa kasalukuyang panahon, sa kabila ng mga pagsubok at pag-uusig na kinakaharap ng mga mananampalataya.
- Ipanalangin na patibayin ng Diyos ang iyong pananampalataya sa Kanya sa mga kanais-nais at mahihirap na sitwasyon. Ipanalangin na tulungan ka ng Diyos na mas lalo pang magtiwala sa Kanya at maniwala sa mas higit pang mga bagay.
- Humingi ng tapang mula sa Diyos upang maipangaral mo ang Kanyang salita sa mga tao sa paligid mo. Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng kakayahang maging saksi Niya sa pamamagitan ng iyong mga salita at kilos.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Josh Hernandez

victory.org.ph